

Update sa COVID-19 – ika-6 ng Oktubre 2021

Narito ang buwanang update sa Covid-19 ngayong Oktubre:

PAGSUSURI SA KEMH

- Kabuuang dami ng swab tests na naisagawa at naproseso sa ngayon: Pitong libo anim na daan at apatnapu't tatlo (7,643)
- Kabuuang dami ng swabs na nakuha ngunit di pa nasusuri: Isa (1)
- Kabuuang dami ng positibong resulta simula noong ika-3 ng Abril 2020: Animnapu't walo (68)
- Dami ng kasalukuyang positibong resulta sa loob ng isla: Isa (1)

UPDATE SA BIYAHE

Mga biyahero papuntang hilaga...

Bilang isang paalala, kung ikaw ay nangangailangan ng travel swab bago bumiyaha pa-norte – na kadalasang kinukuha kung ang isang tao ay lilipad sa isa pang bansa pagkarating nila sa UK – kailangan mo itong i-book ng mas maaga sa ospital sampung (10) araw bago ka bumiyaha.

Magpadala ng email sa surveillance@kemh.gov.fk na may titulo sa subject na “Travel Swab” at isama ang mga sumusunod na impormasyon, at KEMH ang makikipagugnayan sa iyo para i-book ang iyong appointment:

1. Buong pangalan, Address, at Petsa ng Kapanganakan ng taong nangangailangan ng swab
2. Numero ng Telepono upang matawagan ka ng KEMH
3. Petsa ng pag-alis ng indibidwal mula sa isla
4. Bansa na iyong pupuntahan AT ang mga *requirements* ng bansang iyong pupuntahan (halimbawa: kung ang swab ay dapat makuha sa loob ng pitumpu't dalawang (72) oras bago umalis)

Mga biyahero papuntang timog...

Noong Miyerkules, ika-22 ng Setyembre 2021, sumang-ayon ang ExCo na baguhin ang mga polisiya na may kinalaman sa mga kategorya ng mga bisita na papayagang pumasok sa loob ng Falkland Islands. Ang binagong polisiya ay nagsasaad na, bilang karagdagan sa mga kasalukuyang kategorya para sa mga bisita, ang mga indibidwal na napapailalim sa loob ng mga sumusunod na mga bagong kategorya ay maaaring bumiyaha sa Falkland Islands:

- *Public diplomacy guest* na sagot ng Gobyerno ng Falkland Islands o ng *Foreign, Commonwealth and Development Office*

- Mga beterano ng SAMA (*South Atlantic Medal Association*) at kanilang mga kamag-anak o ka- miyembro sa pamilya
- Mga *media* at *film crews* na binigyan ng *press accreditation* mula sa FIG
- Mga siyentipiko at mga tagapagsaliksik na suportado ng FIG

Ang mga bisitang ito ay sasailalim pa rin sa kaparehong pangangailangan sa quarantine para sa lahat ng ibang bisita. Ang mga visitor permit ay patuloy pa rin na susuriin ng Customs and Immigration para masiguro na ang polisiya ay isinasagawa ng tama at pulido.

Bilang karagdagan, sa mga naganap na pagkatigil ng mga biyaheng southbound sa Airbridge, sumang-ayon ang Gobyerno ng Falkland Islands na i-reimburse ang mga pasaherong naantala ang mga planong bumalik at nangailangang magsagawa ng tatlo o higit pang PCR tests bago bumiyaha.

Ang mga claims ay aprubado lamang para sa southbound flights at ipoproseso lamang simula sa pangatlong test. Walang reimbursement para sa una at pangalawang PCR tests na binili at isinagawa ng kahit anong indibidwal.

Para mag-apply para sa reimbursement, ang mga aplikante ay kailangang kumumpleto ng isang “*PCR Test Claim Form*” at magbigay ng kopya ng lahat ng resibo para sa mga PCR tests na kanilang binili at isinagawa. Ang form at karagdagang mga tagubilin tungkol dito ay makikita sa website ng gobyerno sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/travel/southbound>

QUARANTINE

Ang bagong *Infectious Diseases Control (Coronavirus, Quarantine) Regulations 2021*, ay mariing ipinatupad noong Agosto at manatiling nakapatupad hanggang sa ika-8 ng Agosto 2022 (maliban na lamang kung bawiin ito ng mas maaga) at pag-aaralan kada dalawang buwan, upang masigurong ang mga ito ay kailangan pa rin at manatiling akma para sa layunin. Siguruhing ikaw ay may kaalaman sa mga pagbabago sa ilalim ng mga binagong reguasyon – at makikita mo ang lahat ng impormasyon na ito sa ating web page: www.fig.gov.fk/covid-19/quarantine – gayunpaman, ang mga pangangailangan sa quarantine at pagsusuri ay ang mga sumusunod:

Quarantine

- Ang pamantayang panahon ng quarantine sa ngayon ay nasa sampung (10) araw
- Ang panahon na ginugol sa karagatan sa isang sasakyang pandagat na walang kahit anong ugnayan sa ibang tao o sa ibang sasakyang pandagat simula ng umalis sa daungan patungong Falkland Islands ay kasama sa bilang ng panahon ng quarantine
- Ang mga tao na paparating mula sa dagat ay maaaring dumaong sa lupa upang makumpleto ang quarantine na sinimulan sa karagatan

- Ang mga tao na nagsasagawa ng quarantine sa sasakyang pandagat ay tatratuhing sabayang quarantine
- Pagkarating sa Falkland Islands, ang lahat ay kinakailangang bumiyahе sa kanilang tirahan para sa quarantine sa isang itinalagang sasakyan mula sa gobyerno o, kung gagamit ng pribadong sasakyan, ay dapat na bumiyahе ng mag-isa o kasama ang mga taong kasama sa quarantine.
- Ang mga tao na nasa quarantine ay hindi dapat makibahagi ng kanilang tirahan o iba pang mga pasilidad sa kahit sinuman na hindi nila kasama sa quarantine.
- Ang mga tao na nasa quarantine ay hindi pinapayagang lumampas sa mga hangganan na kanilang pag-aaari para magsagawa ng ehersisyo

Pagsusuri

- Ang mga dumating mula sa UK sa pamamagitan ng eroplano ay kailangang magbigay ng ebidensya ng isang negatibong Covid-19 test na isinagawa ng hindi lalampas sa limang (5) araw bago ang araw ng pagdating.
- Ang mga dumating mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng eroplano ay kailangang magbigay ng ebidensya ng isang negatibong Covid-19 test na isinagawa ng hindi lalampas sa tatlong (3) araw bago ang araw ng pagdating.
- Ang kasalukuyang mga opsiyon sa quarantine na *5 at 8-day test to release* ay magagamit ng lahat ng mga paparating mula sa himpapawid, at hindi lamang sa mga paparating mula sa UK
- Ang kaparehong mga opsiyon sa quarantine na *5 at 8-day test to release* ay magagamit ng mga paparating mula sa karagatan
- Ang mga bata na may edad anim (6) pataas ay dapat na kasama sa *testing programme* kung ang mga nakatatanda na kasama nila sa quarantine ay nais na magsagawa ng opsiyon na *8-day test to release*; ang mga bata na wala pang anim (6) na taong gulang ay hindi kailangang masuri at mapapakawalan mula sa quarantine kung ang taong nag-aalaga sa kanila ay lumabas na negatibo sa parehong ikalawang (2nd) araw at ikawalong (8th) araw.

Ang quarantine ay nakakatulong na maprotektahan ang publiko sa pamamagitan ng pagpigil ng pagkakalantad sa mga taong maaaring may sakit o nagkaroon ng Covid-19. Habang ang bawat isa ay may responsibilidad na gawin ang lahat ng ating makakaya upang masigurong tayong lahat ay ligtas, ang ibig sabihin lamang ng mga pangangailangan ng *Infectious Diseases Control Regulations 2021* ay mayroong mabigat na legal na kahihinatnan para sa mga taong makikitang lumabag sa batas na ito, kasama na ang pagbabayad multa na hanggang sa £2,000, pagkakakulong ng hanggang sa tatlong buwan, o pareho. Walang dahilan na hindi mo alam ang mga pangangailangang personal at pangangailangan ng sambahayan sa ilalim ng batas na ito.

SELF-ISOLATION O PAGHIHWALAY SA SARILI

Nais ipaalala ng KEMH sa publiko ang patuloy at kahalagahan o pagsasagawa ng pagbabalita sa kanila ng mga sintomas ng sipon at trankaso. Kung ikaw ay nakakaranas ng mga sintomas ay makipagugnayan agad sa KEMH sa numerong 28000, at ikaw ay hihingan ng numero para tawagan ng reception staff at ikaw ay aabisuhan na mag self-isolate kung kinakailangan base sa kanilang abiso.

Kung ikaw ay may nakakahawang sakit tulad ng sipon o trankaso ay nararapat na ikaw ay manatili sa bahay, malayo sa ibang tao, hanggang sa ikaw ay tuluyang gumaling. Ang sinumang bata na may lagnat, na may kasamang ubo, at may hinog na sipon, at hindi kumakain o umiinom ng tubig, o nakakaranas ng pagtatae o pagsusuka ay dapat na lumayo sa nursery o sa paaralan. Kailangan sila ay tuluyang gumaling at walang lagnat sa loob ng dalawampu't apat (24) na oras bago sila bumalik sa paaralan.

Tandaan, upang mabawasan ang pagkalat ng mga virus:

- **Saluhin mo:** madaling kumalat ang germs; magdala ng tisyu at gamitin ito upang saluhin ang iyong ubo o pagbahing
- **Itapon mo:** mananatailing buhay ang germs sa tisyu sa loob ng ilang oras, itapon ito agad-agad.
- **Patayin mo:** ang mga kamay ay madaling nakakapagkalat ng germs sa lahat ng mahahawakan nito, kaya't linisin ng madalas ang iyong mga kamay.

UPDATE SA BAKUNA

Patuloy na nakikipagtulungan ang Gobyerno ng Falkland Islands sa Public Health England at iba pang mga organisasyong pangkalusugan sa Inglatera patungkol sa ating local na programa sa bakuna. Mga mga lumabas na espekulasyon mula sa media nitong mga nakaraang araw tungkol sa pangangailangan ng *booster vaccination* sa Falkland Islands. Ang mga plano para isagawa ang *booster injections* sa UK ay patuloy na isinasagawa, ant yaong mga higit na nanganganib ay uunahin mabigyan ng *booster*. Patuloy naming bibigyan ng update ang publiko sa kung paano at kailan magsisimula ang pagbibigay ng *booster* sa Falkland Islands. Ang tibay ng resistensiya o kaligtasan sa sakit ay isang bagay na iniimbestigahan ng mga siyentipiko sa mga panahong ito, upang sila ay makapagsagawa ng pangmatagalang pagpapalano sa mga pangangailangang pagbabakuna sa hinaharap.

MGA PATNUBAY SA SHIPPING

Kamakailan lamang ay naglabas ang Gobyerno ng Falkland Islands ng mga dokumento sa *shipping* na nagbibigay ng patnubay sa mga *fishing* at *expedition vessels* na nagnanais pumasok sa mga karagatan ng Falkland Islands. Ang bawat patnubay ay idinisenyo upang suportahan ang mga *vessel operators* at masiguro na sila ay may mga mahahalagang polisiya at mga pamamaraan na nakalagay para protektahan laban sa Covid-19, pati na rin magbigay linaw sa mga batas at paghihigpit na nakalugar dahil sa pandemya.

Para sa mga *expedition cruise vessels*, yaong makakatugon sa mga pangangailangan na nakalagay sa mga patnubay ay maaaring makabisita sa Falkland Islands sa panahon ng

tag-init 2021/22, na limitado lamang sa 530 na pasahero na dadaong sa kahit anong isang lokasyon (para sa paglilinaw ukol ditto, ang Stanley at ang Stanley Common ay iisang lokasyon). Ang mga pangangailangan na ito ay nakadetalye sa mga patnubay, at kasama sa mga patnubay ang bakuna, pagsusuri, panahon ng quarantine, mga pasilidad sa medical sa barko, *onboard hygiene* at bentilasyon, at kapasidad sa medevac.

Ang patnubay ay nagsasaad din na ang hindi pagsunod sa mga pangangailangang ito ay maaaring magdulot ng pagtangi ng Gobyerno ng Falkland Islands na papasukin ang mga pasahero o mga barko sa isla. Halimbawa, kung ang pasahero o *crew member* ay magkaroon ng Covid-19 o lumabas na positibo para sa virus habang wala pa sa karagatan ng Falkland Islands, ang mga *operators* ay may kamalayan na ang barko ay maaaring abisuhan na lumipat sa ibang lugar para sila ay mabigyan ng pinaka-mainam na alagang-medikal.

Ang gobyerno ay may karapatan na bawiin ang iksemsiyon na payagan ang mga bisita mula sa karagatan na pumasok sa Falkland Islands sa kahit anong panahon, kasama ang mga kalagayan na ang gawaing ito ay kailangang gawin upang protektahan ang kalusugan ng lahat ng tao sa Falkland Islands o protektahan ang limitadong *healthcare resources* sa Falkland Islands. Ang karagdagang impormasyon tungkol dito ay makikita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/travel/shipping>

RENEWAL NG TRIP AT BFSAI TRIP SCHEME

Kasunod ang matagumpay na *Tourism Recovery Incentive Programme* – o ‘TRIP’ – na idinisenyo upang suportahan ang mga negosyong panturismo at pasiglahin ang ekonomikong paglago sa buong isla sa panahon ng 2020/21, buong galak na inaanunsyo ng gobyerno na ang scheme ay ipapatupad muli ngayong taon. Ang TRIP2 ay bukas sa lahat ng residente sa Falkland Islands; ito ay inilunsad noong ika-1 ng Oktubre 2021 at magtatapos sa ika-30 ng Abril 2022. Ang BFSAI TRIP2 scheme ay ipinatupad din sa parehong panahon.

Ang mga puna mula sa mga sambahayan at mga rehistradong negosyo ay isinama sa pagpapalano ng panibagong programa. Ang mga pagbabago sa bagong programa ay ang mga sumusunod:

- Ang mga sambahayan ay maaaring pagsama-samahin ang kanilang *retail* at *food voucher allowances* sa ilalim ng TRIP2 para mas madali ang pag-claim sa mga resibo
- Ang mga *reimbursement* para sa mga pagkain na binili ng isang grupo ng tao na sama-samang kumain ay maaari nang gawin ng isang tao, kaysa ito ay paghati-hatian ng mga taong may voucher
- Inamyendahan ang BFSAI TRIP2 para ang kanilang vouchers ay magamit sa mga pagkain at akomodasyon, sa 50% *redemption level*, bilang karagdagan sa paggamit nito sa mga karanasan sa 100% *redemption level* – at ito ay nalalapat sa mga rehistradong *providers* sa labas ng MPC.

- Kancelado na ang 50% subsidiya para sa Corcordia Bay ferry dahil sa matumal sa paggamit
- Ang diskwento ng FIGAS ay makukuha sa 50% na rate mula Lunes hanggang Huwebes at ang 25% na rate ay mula Biyernes hanggang Linggo upang mahimok ang mga tao na bumiyahе sa *off-peak* at mapangalagaan ang serbisyo.

Muli, ang mga residente ay maaaring mag apply sa parehong scheme sa pamamagitan ng pagkumpleto sa *registration form* ; isang *registration form* ang maaaring makumpleto para sa lahat ng karapat-dapat na mga tao sa iisang tahanan. Ang rehistrasyon ay kukumpirmahin sa loob ng dalawang lingo para ito ay maproseso at bigyan ng *eligibility checks*. Ang mga rehistradong tao na may sapat na gulang ay may karapatan sa isang £500 *digital voucher* at ang mga bata ay £250 voucher na maaaring gastusin sa *tourism accommodation, hospitality*, at mga karanasan, na ibibigay ng mga rehistradong negosyo. Isasagawa muli ng *International Tours & Travel* ang TRIP2 at ang buong detalye tungkol dito ay makikita sa kanilang website na www.falklandislands.travel o tumawag sa numerong 22041.

WEBSITE NG COVID-19

Patuloy kaming nakakakuha ng mga katanungan mula sa Facebook tungkol sa mga hakbang para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands, tulad ng mga katanungan sa pagbibiyahе, pagsusuri, at sa quarantine. Ang mga impormasyon na ito ay makikita sa ating itinalagang Covid-19 website, na madalas na ina-update at nagbibigay ng mgapinakabagong mga abiso, patnubay, at mga regulasyon, pati na rin ang *archive* simula pa noong Marso 2020. Sa kasalukuyan ay mayroon nang 38,000 na bisita sa ating website simula pa noong ito ay pinatakbo, at nananatiling pinakamainam na pinagkukunan ng impormasyon at suporta para sa Covid-19; bumisita sa <https://www.fig.gov.fk/covid-19/>

Ang susunod na buwanang update para sa Covid-19 dito sa Falkland Islands ay sa ika-3 ng Nobyembre 2021.